


Tungkol sa Proyekto

Mga benepisyo at bahagi ng proyekto

- **Magdurugtong sa 5.5 milyang agwat sa pagitan ng mga istasyon ng Rainier Beach at Tukwila International Boulevard**, pagpapalawak ng access sa malaking bilang ng transit sa rehiyon.
- **Makatutulong sa mga tao na makarating sa mga lugar na kailangan nilang puntahan sa pang-araw-araw**, sa pamamagitan ng pagpapataas ng access sa 1 Line at mas malaking Link light rail network.
- **Magbibigay ng mga koneksyon sa Link light rail** sa pamamagitan ng pagtatayo ng bagong pasilidad ng paradahan pati na rin ng pasilidad ng bus transfer at layover.
- **Mapaghahandaan ang paglago sa hinaharap** at planuhin ang mga pagpapabuti sa transportasyon sa lugar ng proyekto.



Mabilis at madalas na serbisyo sa mga destinasyon:

- Boeing Access Road papuntang Sea-Tac Airport: 10 minuto
- Boeing Access Road papuntang downtown Seattle: 26 minuto



Kasalukuyang katayuan ng proyekto: *Pagpaplano*

Makatao at pagkakapantay-pantay

Sa Sound Transit, nakatuon tayo sa pagiging isang kontra-resismo na organisasyon at lumikha ng mga kundisyong kinakailangan para makamit ang pagkakapantay-pantay ng lahi sa loob ng ating ahensya at sa mas malawak na komunidad. Hinihikayat natin ang ating mga sarili na magplano, magtayo, at magpatakbo ng pampublikong sasakyan na nagbibigay ng pantay na access sa pabahay, edukasyon, medikal na pasilidad, at mga oportunidad sa trabaho, lalo na para sa mga pinakanapinsala ng institusyonal at sistematikong rasismo.

Matuto nang higit pa tungkol sa proyekto at mag-subscribe sa mga update sa email:

soundtransit.org/boeing-access-station



Timeling ng proyekto



Pakikipag-ugnayan sa komunidad

Kasalukuyang nasa yugto ng pagsusuri ng mga alternatibo ang proyekto, kung saan sinusuri ng team ng proyekto ang mga posibleng lokasyon ng istasyon at mga nauugnay na bahagi. Kasama sa teknikal na mga pagsasaalang-alang, ang feedback ng komunidad na malaman ang pagkakakilanlan ng piniling lokasyon ng istasyon at mga nauugnay na bahagi. Tumutulong sa Sound Transit na magplano at magdisenyo ng isang sistema na sumasalamín sa mga pangangailangan at kagustuhan ng inyong komunidad ang opinyon at pakikipag-ugnayan ng komunidad. Magkakaroon ng ilang mga pagkakataon upang makisali sa buong proyekto.


Mga kaugnay na proyekto

Ang Boeing Access Road Station ay ilan lang sa mga proyektong ginagawa ng Sound Transit para mapahusay ang koneksyon at pagiging naa-access sa ating rehiyon. Alamin ang higit pang mga proyekto sa soundtransit.org/system-expansion.



May mga katanungan?

Makipag-ugnayan sa ating team sa pakikipag-ugnayan sa komunidad:
Tamar Shuhendler, tamar.shuhendler@soundtransit.org, 206-293- 9599



Matuto nang higit pa tungkol sa proyekto at mag-subscribe sa mga update sa email:

soundtransit.org/boeing-access-station



Interpreter 800-823-9230

Español 漢語 한국어 日本語

Tagalog русский язык Tiếng Việt

401 S. Jackson St., Seattle, WA 98104 | main@soundtransit.org | soundtransit.org | 888-889-6368/TTY: 711
Para humiling ng impormasyon sa mga alternatibong format tumawag sa 800-201-4900/TTY: 711 o mag-email sa accessibility@soundtransit.org.

